# Mga Ekspektasyon ng Alagad ng Batas Kapag Gumagawa ng Ulat

## AKSESIBILIDAD

- ❑ Ang opisyal ay dapat magtanong tungkol sa mga pangangailangan sa interpetasyon ng wika. Ang opisyal ay dapat magbigay ng mga serbisyong interpretasyon na magagamit mo na walang bayad. Ang alagad ng batas ay hindi dapat gamitin ang miyembro ng iyong pamilya o anak para mag interpret.
- ❑ Ang opisyal ay dapat magtanong tungkol sa anumang mga pangangailangan mo sa aksesibilidad na maaring meron ka.

## MGA KARAPATAN NG BIKTIMA

- ❑ Ikaw ay may karapatan na tratuhin na may dignidad at respeto.
- ❑ Ikaw ay may karapatan sa makabuluhang tungkulin sa proseso ng hustisyang kriminal.
- ❑ Ikaw ay may karapatan sa isang libreng tagapagsalin para gamitin ang anumang konstitusyonal na karapatan ng biktima sa proseso ng hustisyang kriminal, kabilang ang simpleng panonood ng pagdinig sa korte.
- ❑ Ikaw ay may karapatan na magkaroon ng taong tagasuporta kasama mo sa bawat pagdinig o sa iyong pagpupulong habang nasa proseso ng hustisyang kriminal (maliban sa Huradong Engrande at sa Pagsusuri sa Pang-aabuso sa Bata). Ang tagasuporta ay hindi dapat saksi sa insidente o krimen na iniimbestigahan, at dapat hindi bababa sa 18 taong gulang. Maaring ito ay isang kaibigan, miyembro ng pamilya, pinuno ng komunidad, o isa pang taong tagasuporta.

## DOKUMENTASYON

Ang opisyal

- ❑ ay dapat siguruhin at kusilbahin ang ebidensya kung saan nangyari ang krimen, kasama ang onlayn.

- ❑ ay dapat magsiyasat ng mga opsyon para sa isang ligtas na lugar para ikaw ay mag-ulat (i.e., lokasyon na iyong pinili na pribado, ligtas, at malayo sa salarin).
- ❑ ay dapat magkolekta/litratuhin ang anumang ebidensya na susuporta gaya ng mga tala, mga larawan, bandalismo, at mga simbolong bagay na ginamit. Halimbawa: ang isang opisyal ay maaaring gustong idokumento at kunan ng larawan kung anong kulay ng pintura ng spray ang ginamit sa pagpinta ng simbolo ng pagkamuhi sa gusali, dahil ito ay maaaring may kahulugan sa pagkaraan ng imbesitgasyon.
- ❑ ay dapat makipagpanayam at idokumento ang mga pag-uusap sa mga saksi, kasama ang mga tao na wala doon sa oras ng krimen, pero maaaring may impormasyon o ebidensya tungkol sa krimen.
- ❑ ay dapat magtanong tungkol sa sakit o sugat na iyong naranasan. Madalas gumagamit sila ng eskala ng sakit kapag nagtatanong tungkol nito. Tandaan, ang mga kaso ay madalas konektado sa kapantayan ng sugat, kaya huwag "magtitigas-tigasan".
- ❑ ay dapat magtanong tungkol sa iyong pinansyal na mga pinsala. Tandaan na magtalaga ng halaga sa lahat, kahit na ang Nawala ay isang pamana ng pamilya. Ang ibig sabihin ng walang halaga ay $0 sa mundo ng batas, kaya lagyan ito ng halaga.
- ❑ ay dapat magtanong tungkol sa motibo ng hindi patas na pagtingin. Anong mga paninira ang iyong narinig? Ano ang nakapagbigay sa iyo ng paniniwala na ang salarin ay naudyok ng pagkiling laban sa iyong aktwal o paghiwatig ng protektadong klase?
- ❑ ay dapat magbigay sa iyo ng kanilang impormasyon sa pakikipag-ugnayan kasama ang numero ng ulat. Maaari din na ikaw ay magtanong sa numero ng badge ng opisyal.
- ❑ Pwede mong hingin sa alagad ng batas na sumulat ng ulat na pulisya para idokumento ang insidente ng hindi patas na pagtingin, kahit na walang krimen na nangyari. Ang alagad ng batas ay maaaring tumanggi sa hiling na ito, pero pwede kang humingi palagi.

## MGA SANGGUNI AT SIYASAT

- ❑ Inaatasan ng batas ng Oregon ang alagad ng batas na isangguni ang biktima na mga insidente ng hindi patas na pagtingin sa kwalipikadong mga serbisyo na lokal na biktima o sa buong estado ng Oregon Bias Response Hotline.
- ❑ Ang mga opisyal ay dapat sabihin sa iyo kung ano ang susunod na aasahan, at sino ang pwede mong kontakin para magtanong kung may iba pang malalaman. Tatawag ba sila sa iyo para magsiyasat? Kailangan mo bang tumawag sa opisina ng piskal? Meron bang nahuli? Meron bang kautusan ng walang pakikipag-ugnayan? Wala bang sapat na ebidensya para arestuhin ang isang tao sa isang krimen?
- ❑ Ang mga opisyal ay hindi dapat nagbibigay ng iyong impormasyon sa ICE, maliban kung may utos na nilagdaan ng hukom.